Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY SAN JUAN NOONG IKA- 16 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .............................. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .............................. Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .............................. Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .............................. Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison .............................. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon .............................. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .............................. Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca .............................. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .................... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco .............................. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .............................. Kagawad

*KAPASIYAHAN BLG. 292-T'2000*

*KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGTUTOL O DI PAGSANG-AYON SA PAG-UTANG NG PAMAHALAANG BAYAN SA FIM CONSTRUCTION AND DEVELOPMENT CORPORATIONS.*

*SAPAGKA'T*, may inalok na pag-utang ang FIM Construction and Development Corporation sa pamahalaang bayan sa mababang interes upang makatulong at makatugon sa pagbabayad sa mga nananatiling utang nito at upang matustusan ang mga programa ng pamahalaang bayan ukol sa pangangalakal at inpraestraktura;

*SAPAGKA'T*, matapos ang pagtalakay at manaig ang pagsang-ayon ng nakararaming kasapi ng sangguniang ito na huwag ituloy ang pag-utang sa FIM Construction and Development Corportion sanhi ng mga paghadlang at mga suliraning maaaring makaapekto sa kalakaran ng pananalapi at pagtugon sa mga kailangan upang makumpleto at masang-ayunan ang mga patakarang hinihingi ng kasunduan ukol dito ay ipinasya ng sangguniang ito na huwag nang sang-ayunan ang pag-utang sa nasabing korporasyon.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga nakararaming kagawad na kinabibilangan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Ariel T. Magcalas, Edgardo T., Porca at Florencio C. Odejar at sa kabila ng pagtutol ng mga Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, Ricardo B. Ramirez at Bernardo E. Ison na huwag nang magpatibay ng isang kapasiyahan ukol dito, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na ipahayag ang pagtutol o di pagsang-ayon sa pag-utang ng pamahalaang bayan sa FIM Construction and Development Corporations.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Pambayang Manananggol, bayang ito, FIM Construction and Development Corporation, Lungsod ng Makati, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan